
OREGON DEPARTMENT OF EDUCATION
*Oregon achieves . . . together!*



# BAKIT MAHALAGA SA MGA PAMILYA ANG PAGLAHOK SA PAGSUSULIT NG ESTADO

## Paano Nakakatulong sa Aking Anak ang Pagkuha ng mga Pagsusulit ng Estado?

- Nagbibigay ito ng impormasyon tungkol sa mga pamantayan ng pag-aaral ng iyong anak tungo sa English language arts, matematika at agham na maaari mong i-review kasama ng iba pang impormasyon mula sa paaralan at magtanong kung kinakailangan.
- Nag-aalok ito sa iyo ng oportunidad na tingnan ang progreso ng iyong anak tungo sa pagtugon sa ilan sa mga kasanayang kailangan para sa kolehiyo at/o career.
- Nagbibigay ito sa iyo at sa iba pang mga pamilya sa iyong komunidad ng impormasyon tungkol sa kung paano tinutugunan ng mga lokal na paaralan ang mga pangangailangan ng lahat ng mag-aaral.

## Paano Nakakatulong sa Paaralan ng Aking Anak ang Pagkuha ng mga Pagsusulit ng Estado?

- Nagbibigay ito ng kritikal na impormasyon kung gaano kahusay ang ginagawa ng lahat ng mag-aaral sa paaralan ng iyong anak sa mga pamantayan ng pag-aaral sa English learning arts, matematika, at agham, upang pantay na masuportahan ang paaralan sa tulong at resources.

## Alam mo ba?

Ang Every Student Succeeds Act (ESSA)—ang batas ng pederal na namamahala sa pangkalahatang edukasyon sa mga pampublikong paaralan sa buong bansa—na ipinasa noong 2015 at **nangangailangan** ng pagsusulit ng buong estado sa ilang mga baitang at asignatura.

Dahil ang **lahat** ng mag-aaral ay kumukuha ng parehong pagsusulit, maaaring isipin ng mga paaralan at guro ang **lahat** ng mga mag-aaral kapag sila ay nagpaplano.

Hindi pa natatagalan, ang ilang mga mag-aaral ay **hindi napabilang** sa pagsusulit, gaya ng mga mag-aaral na may mga kapansanan at mga mag-aaral na tinukoy ng pederal bilang mga nag-aaral ng English.

- Nakakatulong ito na tukuyin ang mga kalakasan at punto kung saan kailangan ng pag-unlad sa buong panahon upang masuri ang kurikulum, pagtuturo, at iba pang mga ginagawang assessment

### Paano Dapat Gamitin ang mga Resulta ng Pagsusulit ng Aking Anak?

- Alalahanin na **ang kalidad ng isang paaralan ay higit pa sa kabuuan ng mga resulta ng pagsusulit nito**. Iwasan ang mga paghusga o desisyon batay lamang sa mga resulta ng pagsusulit ng estado.

- **Gawing bahagi ng mga usapan tungkol sa pag-aaral ng iyong anak ang mga resulta ng pagsusulit ng estado**. Maghanap ng pagkakahalintulad sa iba pang impormasyon tungkol sap ag-aaral ng iyong anak mula sa kanilang guro at paaralan. Magtanong kung ang impormasyon ay hindi pare-pareho.

- Ang mga desisyon tungkol sa mga oportunidad para sa iyong anak–gaya ng mga mapaghamong math pathway, Advanced Placement, International Baccalaureate, o mga programa para sa Talented at Gifted–ay dapat nakabatay sa **maraming pinagmumulan ng katibayan**, hindi lamang sa mga resulta ng pagsusulit ng estado.

## KONTAK

[ODE's Assessment Team Webpage]

Mangyaring ipadala ang anumang mga tanong, komento o rekomendasyon sa:

*ODE.AssessmentTeam@ode.oregon.gov*

Nakakatulong ang datos sa pagsusulit ng mag-aaral na **mapabuti ang aming pag-unawa** kung gaano kami kahusay sa pagtuturo at pagsuporta sa aming mga mag-aaral.

Ang pagsusulit ng estado ay nagbibigay ng snapshot kung paano nagpe-ferform ang isang **buong sistema ng paaralan** sa mga mahahalagang aspeto. Nakakatulong ito sa mga desisyon na magpapahusay sa pagtuturo at magbibigay ng targeted resources at suporta sa iba't ibang paaralan.

Nakakatulong ang mga resulta ng mga pagsusulit ng estado na matukoy ang mga trend sa pag-aaral. Ito ay lalong mahalaga kung ang **mga grupo ng mga mag-aaral**, gaya ng mga mag-aaral na may mga kapansanan at mga mag-aaral na tinukoy ng pederal bilang mga nag-aaral ng English, ay naseserbisyuhan nang hindi sapat.

*Assessment Resources ng ODE*

*Ang Tamang Assessment para sa Tamang Layunin*

*Parent Assessment Literacy Training Modules*

NCEO
National Center on Educational Outcomes
www.nceo.info

Ang NCEO ay sinusuportahan sa pamamagitan ng kasunduan ng pakikipagtulungan (H326G160001) sa pagitan ng University of Minnesota, National Center on Educational Outcomes (NCEO) (#H326G160001) at ng U.S. Department of Education, Office of Special Education and Rehabilitative Services (OSERS), Office of Special Education Programs. Ang mga materyales ay hindi kinakailangang sumasalamin sa posisyon o patakaran ng U.S. Department of Education o mga Tanggapan sa loob nito. Opisyal ng Proyekto: David Egnor